

Coptic Orthodox Patriarchate
His Holiness Pope Tawadros II
Pope of Alexandria and
Patriarch of the See of St. Mark
The Papal Center



بطيركية الأقباط الأرثوذكس
قداسة البابا الأنبا تواضروس الثاني
بابا الأسكندرية
وبطيرك الكرازة المرقسية
المقر البابوي

222 Ramses St., Abbaseya, Cairo, Egypt

Πατριάρχος

222 شارع رمسيس ، العباسية ، القاهرة ، مصر

Tel: 024822580

Fax: 0235365880

email: office@popetawadros.org

تليفون: 024822580 فاكس: 0235365880

Filipino - 2020

Ang Mensahe ng Papa sa Maluwalhating Kapistahan ng Kapanganakan.

Sa ngalan nang Ama, nang Anak, at nang Spiritu Santo. Amen.

Binabati ko ang lahat ng masaganang Bagong Taon 2020. Ang Kapistahan ng Maluwalhating Kapanganakan. Ang Kapanganakan ng ating Panginoong Hesukristo. Kung saan siya ay nagkatawang tao attagapagligtas ng sangkatauhan. Binabati ko ang lahat ng buong puso, sa lahat ng diyosis. Sa lahat ng Simbahang Coptic Orthodox sa Buong Mundo. Binabati ko rin ang mga Nakakataas at mga Obispo. Sa lahat ng mga Kaparihan, Diyakono, mga Laymen at sa lahat ng mga Coptic. Binabati ko rin ang mga Matatanda, at sa lahat ng mga Kabataan, Maligayang Bagong Taon sa Ating Lahat.

Ipinagdiriwang natin ang Kapistahan ng Kapanganakan ni Jesus. Ayon sa Gregorian calendar. At sa maraming mga pag aaral. Ayon sa Tatlong Matatalinong Lalaki o Wise Men ay naghandog sila ng regalo kay Baby Jesus. Ang tatlong regalo ay ang simbolo ng Buhay. Ang kanyang buhay ay simbolo ng Ginto, Mira at Insenso. Ito ay sa takda ng kapanganakan ng ating Panginoong Hesus. Biniyayaan tayo ng Dios ng Tatlong Regalo. Ang Dios nagbigay ng napakaraming biyaya o regalo sa atin. Ang mga Biyayang Ito ay ang ibat-ibang lahi ng Tao. Upang maibalik ang Sangkatauhan sa buong Sangkatauhan. Ang Sangkatauhan ay sobrang napakahalaga. Sa bawat kapistahan ng Kapanganakan, laging tandaan ang tatlong tema.

Ang una, kapag ang sangkatauhan ay puno ng pagmamahalan. Kapag ang tao ay ipinapakita o ipinapadama ang kanyang pagmamahal. Ang Patunay na nakamit ang kanyang katuparan sa Sangkatauhan. Gusto kong ipaalala ang mga eksena na ating minahal. Ang eksena na kung saan ang pastor ng Tupa, na piagpupuyatan sa gabi ang kanilang kawan. Napakasimple at mapagpakumbaba ang kanilang pamumuhay. Pero nabuhay sila na buo ng pagmamahalan. Pag ibig ng Kawan at Pag ibig ng Sangkatuhan. Ipinagkaloob ng Dios ang magandang balita sa sangkatauhan. Nagpakita ang mga Anghel at binati sila at sinabing, Sa pagkat ipinanganak sa inyo nagyong ang tagapagligtas at magbibigay ng kaligayan at pagmamahal sa buong sangkatauhan. Ang mga Pastol ay nabubuhay sa simbolo ng oagmamahalan. At ng matanggap nila ang mensahe ng mga Anghel ay nagtakbuhan sila sa sabsaban sa Betlehem. Natuwa sila ng makita ang Sanggol sa sabsaban. Ipinakita nila ang kanilang pagmamahal sa kanilang pagbisita. Ito ay aral ng pagpapakita o pagpapadama ng pagmamahal. Dapat palaging isabuhay ng Tao ang Pag-ibig na ito.

Ang unna regalo ay makikita sa unang pagbisita. Ang tatlong Matatalinog lalaki o Wisemen ay mga estranghero at naggaling pa sa Malayong Silangan. Sila ay mga Eksperto sa panghuhula o Pagbibigay ng kapalaran. Nang matagpuan nila ang kilalang Bitwin. Napagtanto nila na senyales ng kapanganakan ng Dios. Sila ay mapagkawang gawa.

Ang mga Tatlong Matatlinong Lalaki o Wisemen ay napakaseryoso at malakas ang Determinasyon. Natagpuan nila ang Lugar ng kapanganakan ni Jesus ayon sa Patnubay ng Bitwin. Nag alay sila ng magagandang bagay. Nanggaling pa sila sa malayong Silangan, nakilala ang Hari at narating ang Sabsaban. At inialay ang kanilang Regalo. Ang kagustuhan nila ay gumawa ng kabutihan at maging mapagbigay. Napuno ng kagalakan Puso sa kagalakêan ng bisitahin ang Sanggol. At ng ialay nila ang regalong Ginto, Kamangyan at Mira. At sa parehong eksena. Ang eksena ng paggawa ng kabutihan sa buong sangkatauhan. Lagi nating tandaan ang mga tao sa Betlehem at sa Sabsaban. Inanyayahan ila ang mahirap na Ginang na ito. Ang ating Inang Birheng Maria at Santo Joseph ang karpentero. Siya ay buntis at kailangan na nya ipanganak ang Sanggol. Ngunit walang bakanteng paupahan sa malaking bayan ng Jerusalem. Ganun din sa maliit na baryo maliban sa kulungan ng mga hayop o sa Sabsaban. Lahat ng mga taong ito gumawa ng kabutihan. Ang pangalawang Regalo ay gumawa lagi ng kabutihan. Ang pangalawang regalo na ipinagkaloob ay maging mapagbigay. Mapalad ang ating Panginoon Dios.

Ang pangatlong Regalo ay ang Kagandahan. Ang kapanganakan ni Jesus ay napakagandang pagmasdan. Ang pinakamaganda sa lahat ay ang Koro ng mga Anghel. Nagpakita sila mula sa Langit at kumanta sila ng napakasaya. Luwalhati sa Dios sa katastaasan, At kapayapaan sa Lupa at mabuting kalooban sa buong sangkatauhan. Ang Himno o Awit ay ang paghahayag ng kagalakan o kaligayahan. Ito ay patunay ng pagpapahayag ng kagandahan. Ang magandang pag uugali, ay ang karanasan ng mga taong naninirahan kasama ng Dios. Itinuro sa atin ng Dios ang kagandahan sa kapanganakan ni Jesus. Tinuruan tayong magpahalaga sa lahat ng kabutihan. Ang likas na katangian ay bunga ng kabutihan sa Lupa. Ang nakikita natin Langit, Araw at Gabi ay napakaganda. Nabubuhay tayo sa panahon mula taglamig at tagsibol. Hanggang tag araw at taglagas. Lahat at magagandang araw. Ang buhay ng isang Tao ay napakagandang Regalo mula sa Dios.

Ito ang mga Tatlong Regalo. Mabuhay sa pagmamahal, Gumawa ng Kabutihan at Malasap ang Kagandahan. Ang Tatlong Regalong ito ay matatagpuan sa Kasaysayan ng Kapanganakan. Ang Pako ay bagong simula, Ang Pasko ay nagbibigay saya. Ang mensahe ng Pasko sa bawat Tao ay panimula sa bagong taon, sa Kaluwalhatian ng Dios.

Binabati ko kayong lahat sa napakasayang araw na ito. Binabati ko kayo sa araw ng Kapanganakan. Binabati ko kayong lahat ng Buong Pagmamahal, sa bawat sulok ng Mundo. Nais kong ipaabot ang mensaheng ito Mula sa Bansang Egipto at mula sa Coptic Orthodox Church. Ito ang Inang Simbahan na nagpapadala ng Pagmamahal mula sa mga Kaparihan at sa kapulungan ng mga Obispo. Mula sa mga kaparihan, sa lahat ng Coptic Churches, sa Bansang Egipto. Ipinapaabot ko rin ang mensahe mula sa sinaunang Kasaysayan. At gusto kong umabot ito sa lahat ng Simbahan saan man lupalop ng Mundo. Sumainyo ang Panginoon Dios. Maligayang Bagong Taon, at Maligayang Pasko.

Ramadas II